5th Story

# Tubig na naging alak

Water to Wine

# Tubig na naging alak

– 5th Story –




| | |
|---|---|
| Server | Uy. Uy. Psst! May sasabihin akong sikreto, ah? Hindi ka ba maniniwala sa nakita ko. Hindi ba't nasa kasalan kami? Wala akong kilala roon kahit isa. Ako ay nagtatrabaho lamang doon kasama ng aking mga kaibigan. Eto na, nasa may pag-titipon na kami at isang oras bago mag-umpisa ng seremo-niya may nangyari, at wala akong ideya kung ano ano ang nangyari. |
| Server 1 | Pare, Sobrang bilis nilang inumin ang alak na ito. Hindi ko alam kung kakasya pa ba ito. |
| Server 2 | Gaano pa karami ang natitira? |
| Server 1 | isang banga |
| Server 2 | Isang Banga!? Hindi na iyan kakasya! Ano ang gagawin natin? hmmm? hmmm? |
| Server 1 | Alam ko na! Sandali lang hahanap ako at hihingi ng tulong. |
| Server 2 | Sana ay makatulong sila. |
| Server 1 | Tama. Paubos na ang ating alak kahit na kakaumpisa palang ng seremonya. Natatakot ako na baka pagalitan tayo dahil tayo ang nagtatrabaho dito.  Kaya naghanap ako ng tulong. May nakausap akong mabait na babae kanina, ang pangalan niya ay Maria, siya ay nasa kusina kanina. |
| Server 1 | Pasensya na sa abala pero, hindi ko kasi alam kung kanino ko ito sasabihin, pero…. may malaki kaming problema |
| Maria | Ano iyon? |
| Server | Uhm, hindi na sapat ang alak. Sa totoo lang, sigurado ako na baka ngayon ay ubos na ito. |
| Maria | Ano? Paano ito nangyari? |
| Server | Maraming tao ang dumating, at hindi na sapat ang mga alak! Anong gagawin natin? Paniguradong magagalit ang lalaking ikakasal! |
| Maria | Huwag kang mag-alala. May kilala akong tao na makakatu-long sayo. Ako nga pala si Maria. |
| Server | Sana nga! Kinagagalak kitang makilala Maria |
| Maria | Hesus, kailangan ko ang tulong mo |
| Hesus | Sige, Paano ako makakatulong? |
| Maria | Sinabi sa akin ng mga naglilingkod na wala ng alak na iha-hain sa hapak. May magagawa ka ba? |



| | |
|---|---|
| Jesus | Uh Ina? Bakit nagtatanong ka sakin ng ganyan? Alam mong hindi pa ito ang tamang oras para sa akin. |
| Maria | Hesus, alam ko, pero pakiusap. Anuman ang iyong gawin ay makakatulong ito. Tutulong ka ba? |
| Jesus | Sige po. |
| Maria | Salamat. Hali kayo, anuman ang sabihin niya ay sundin ninyo. |
| Servers | Uh… Sige po. |
| Jesus | hayyyy.. Sige. Hindi ba't may anim na bangang lagayan ng tubig sa likuran? |
| Servers | Tama. Ngunit--- |
| Jesus | Ang bawat isa sa mga iyon ay maaaring humawak ng hindi bababa sa 75 (pitomput-limang) litro ng tubig. Ngayon, ang kailangan mong gawin ay punuin ang mga ito ng tubig hang-gang sa bunganga ng banga. |
| Server 1 | Sandali, Maari ba akong magtanong? Bakit kailangan naming kumuha ng tubig ngayon? Hindi ba't dapat alak ang hanapin namin? |
| Jesus | Humayo ka at gawin mo ang sinabi ko sa iyo. Huwag kang mag-alala tungkol sa alak. |
| Server 1 | Ngunit, iyan ang kailangan natin ngayon. Hindi ang tubig ... |
| Jesus | Alam ko. Huwag kang mag-alala. Naiintindihan mo ba ang sinabi ko sa iyo? |
| Servers | Opo. Gagawin na namin |
| Jesus | Magmadali kayo! Wala nang gaanong oras bago nila naisin muli ang alak. |
| Server 2 | Ngunit- |
| Server | Kaya, ginawa namin ang sinabi ni Hesus, kahit nalilito kami. Bakit namin kailangang punuin ng tubig ang mga banga kung ang dapat naming hanapin ay alak upang ihanda?! Sana lang ang Hesus na iyon ay alam kung anong ginagawa. Dahil kami? Hindi. |
| Server 2 | Siguro ay nasisiraan na siya ng bait. Siguro yung Maria na iyon at iyong si Jesus ay naghahanap lamang ng gulo |
| Server 1 | Parang ganun na nga… Mukhang tama ka. |
| Server 2 | Gayunpaman, Hindi ko alam. Napapaisip lamang ako. Nandito tayo at nagiigib ng tubig, siguro ay iniwan na nila tayo upang tayo'y mapahamak. |
| Server 1 | Sigurado kabang hindi mo ininom ang lahat ng alak? |



| | |
|---|---|
| Master of the Feast | Paumanhin. Sa palagay ko oras na para sa mas marami pang alak. Ikaw! agapagsilbi kumuha ka at hatiran mo kami ng maraming alak! |
| Server | Opo··· Opo··· |
| Jesus | Huwag kang mag-alala. Sumunod ka sa akin. |
| Server | Napuno na namin lahat ng mga banga, Hesus. |
| Jesus | Mabuti. Magaling··· Ngayon, sumalok ka at ihatid mo ito sa kapitan ng Kapistahan. |
| Server 2 | Whoa, Whoa! Sinabi ko na sa inyo. Gusto niya tayong mapa-hamak! Hindi ko gagawin yan. Ayoko. Ito ay tubig lamang! |
| Jesus | Sinong gagawa? |
| Server 1 | Ako. Ako ang gagawa |
| Server 1 | Eto po Kapitan. |
| MOF | Mmmmmm! Napakasarap! Saan ito nanggaling? Hindi ko maaalala na merong ganito. Lalaki! Alam mo bang ang unang inilalabas ng mga tao ay ang masarap na alak sa umpisa pa lang ng pagdiriwang? At pagkatapos nilang tikman ito, ang susunod nilang ilalabas ay ang mababang uri ng alak? Mukhang baliktad ang iyong ginawa! |
| Lalaking ikakasal | Ahhh- Oo.. Oo.. Hehehehe |
| Servers | Wow! Paano mo ginawa iyon? |
| Maria | Maraming salamat, Hesus. |
| Server | Tama! Itong lalaking ito na tinatawag na Hesus ay ginawang alak ang lahat ng tubig na aming inilagay sa banga. Isang na-pakasarap na alak sabi ng marami. Hindi ko alam kung paano niya ito ginawa~ Siya ay makapangyarihan! |

Sinabi ng kanyang ina sa mga naglilingkod,
"Gawin ninyo ang anumang sabihin niya sa inyo." Juan 2:5